THE UNIVERSAL HOUSE OF JUSTICE

Riḍván 2017

To the Bahá'ís of the World

Dearly loved Friends,

See how the community of the Greatest Name arises! With but one year elapsed since the inception of the new Plan, reports testify to the scale of what is being attempted and beginning to be accomplished. Bringing greater intensity to 5,000 programmes of growth is demanding a level of effort quite without precedent. With a firm grasp of the fundamentals of the Plan, large numbers of the friends are acting on its requirements, demonstrating rigour and sacrifice in the quality of their response. As envisaged, some intensive programmes of growth that have been long sustained are becoming reservoirs of knowledge and resources, lending support to surrounding areas and facilitating the rapid dissemination of experience and insight. Centres of intense activity—those neighbourhoods and villages where the community-building work is most concentrated—are proving to be fertile ground for collective transformation. An expanded and invigorated legion of Auxiliary Board members and their assistants are stimulating the endeavours of the believers, helping them acquire a vision of how to advance the growth process in various circumstances and identifying approaches that

Sa mga Bahá'í ng Daigdig,

Minamahal na mga Kaibigan,

Masdan kung papaano bumabangon ang pamayanan ng Pinakadakilang Pangalan! Samantalang iisang taón pa lamang ang nakalilipas, sumasaksi na ang mga ulat sa saklaw ng sinisikap at nagsisimula nang makamtan. Ang pagdaragdag ng higit na katindihan sa 5,000 programa ng paglaki ay humihingi ng isang antas ng pagsisikap na hindi pa kailanman nagawa. Taglay ang matatag na pag-unawa sa pangunahing mga pangangailangan ng Plano, ang malalaking bilang ng mga kaibigan ay nagsisikilos ayon sa mga hinihingi nito, ipinakikilala ang katatagan at pagpapakasakit sa kalidad ng kanilang pagtugon. Tulad ng inaasahan, ang ilang mga programa ng paglaki na matagal nang ipinagpapatuloy ay nagiging mga imbakan na ng kaalaman at mga yaman, nagkakaloob ng pagtatangkilik sa mga karatig-lugar at pinadadali ang mabilis na pagpapalaganap ng karanasan at malalim na pag-unawa. Ang mga sentro ng matinding paggawa—yaong mga magkakalapit-bahay at mga baryo kung saan ang gawain ng pagtatatag ng pamayanan ay higit na nakatutok—ay napapatunayang matabang lupa para sa sama-samang pagbabago. Ang pinalawak at pinalakas na hukbo ng mga

suit the conditions in each cluster. Supported by their respective National Spiritual Assemblies, Regional Baha'i Councils are learning how the momentum of the Plan can be built across a range of clusters simultaneously, while in some smaller countries without Councils, new entities at the national level are starting to do the same. Although, as would be expected of any organic process, the swift progress being witnessed in some places is yet to appear in others, the total number of intensive programmes of growth in the world is already beginning to mount. Further, we rejoice to see that participation in the activities of the Plan surged markedly during its first four cycles.

Auxiliary Board member at ang kanilang mga assistant ay pinasisigla ang mga pagsisikap ng mga mananampalataya, tinutulungan silang makatamo ng larawang-isip ng kung paano maisusulong ang proseso ng paglaki sa magkakaibang mga kalagayan at tinutumbok ang mga pamamaraang naaangkop sa mga kalagayan ng bawat cluster. Sa pagtatangkilik ng kanilang mga National Spiritual Assembly, natututo na ang mga Regional Baha'i Council kung paano mapabibilis ang buwelo ng Plano nang sabay-sabay sa isang hanay ng mga cluster, samantalang sa ibang mas maliliit na mga bansa, kung saan ay walang mga Council, ang bagong mga lupon sa pambansang antas ay nagsisimula na ring matutuhan ang gayundin. Tulad nang maaasahan lamang mula sa alinmang organikong proseso, ang mabilis na pag-unlad na nasasaksihan sa ilang mga lugar ay hindi pa lumilitaw sa ibang mga lugar, gayumpaman ang kabuuang bilang ng mga programa ng matinding paglaki sa buong daigdig ay nagsisimula nang tumaas. Higit pa rito, ipinagdiriwang naming makita na ang pakikilahok sa mga gawain ng Plano ay bumugso nang malaki sa unang apat na mga cycle.

The signs could hardly be more promising, then, for what the coming year might bring. And what could be more fitting to offer the Blessed Beauty on the two hundredth anniversary of His Birth than the earnest striving of His loved ones to extend the reach of His Faith? The first of the two bicentenaries to be celebrated by the Baha'i world is thus an occasion with prospects most thrilling. Viewed aright, this year presents the single greatest worldwide opportunity there has ever been for connecting hearts to Baha'u'llah. In the months ahead, let all be mindful of this precious chance and alert to the possibilities that exist in every space for acquainting others with His life and sublime mission. For the teaching opportunity that is

Ang mga palatandaan, kung gayon, ay hindi na halos magiging higit na mabuti pa para sa ibubunga ng darating na taón. At ano pa ang higit na marapat na alay sa Pinagpalang Kagandahan sa ikalawang daang taóng kaarawan ng Kaniyang Kapanganakan kaysa ang taimtim na pagsisikap ng Kaniyang mga minamahal upang mapalawak ang saklaw ng Kaniyang Pananampalataya? Ang una sa dalawang ikalawang daang kaarawang ipagdiriwang ng sandaigdigang Baha'i kung gayon ay isang okasyong hitik na hitik ng mga pangakong nakalulugod. Kapag nakikita nang wasto, ang taóng ito ay naghahandog ng tanging pinakamalaking pagkakataon, na kailanman ay di pa nagkaroon sa buong daigdig, upang iugnay ang mga puso kay

now before the Baha'i world to be seized to its fullest extent, creative thought needs to be given to the conversations that could unfold with every kind of person.  In the course of such meaningful conversations, perception is heightened and hearts are opened—sometimes immediately.  In this worthy occupation all find a calling, and of the joy that comes from being engaged in this work none should deprive themselves.  We entreat the one Beloved that the whole of this bicentennial year may be filled with this joy that is purest and sweetest:  telling another soul of the dawning of the Day of God.

Baha'u'llah.  Sa darating na mga buwan, tulutang isaisip ng lahat ang napakahalagang pagkakataon na ito at manatiling gising sa mga posibilidad na umiiral sa bawat puwang upang maipabatid sa mga iba ang Kaniyang buhay at dakilang misyon.  Upang lubusang matugunan ang pagkakataong magturo na kinakaharap ng sandaigdigang Baha'i sa ngayon, kinakailangang bigyan ng mapanglikhang pag-iisip ang mga pag-uusap na maaaring mamukadkad sa bawat uri ng tao.  Sa pagpapatuloy ng gayong makabuluhang mga pag-uusap, ang kamalayan ay naitataas at ang mga puso ay nabubuksan—kung minsan ay kaagad-agad.  Sa ganitong napakahusay na pinagkakaabalahan ang lahat ay makatatagpo ng misyon, at ang kaligayahang idinudulot ng pagsasagawa ng ganitong gawain ay hindi dapat ipagkait ng sinuman sa kaniyang sarili.  Isinasamo namin sa iisang Minamahal na ang kabuuan nitong ikalawang daang taóng kaarawan ay mapuspos ng pinakadalisay at pinakamatamis na kaligayahang ito:  ang pagbabahagi sa ibang kaluluwa ng pagsapit ng Araw ng Diyos.

The obligations that must be met by the company of the faithful are made the more pressing by the confusion, distrust, and cloudiness in the world.  Indeed, the friends should use every opportunity to shine a light that can illuminate the way and offer assurance to the anxious, hope to the despairing.  We are reminded of the counsel given by the Guardian to one Baha'i community in words that seem intended for our own time:  "As the fabric of present-day society heaves and cracks under the strain and stress of portentous events and calamities, as the fissures, accentuating the cleavage separating nation from nation, class from class, race from race, and creed from creed, multiply, the prosecutors of the Plan must evince a still greater cohesion in their spiritual lives and administrative activities, and

Ang mga tungkuling kailangang tuparin ng kalipunan ng matatapat ay ginagawang higit na mahigpit ng pagkatuliro, pagdududa at kawalan ng liwanag sa daigdig.  Sa katunayan, dapat gamitin ng mga kaibigan ang bawat pagkakataon upang magpasinag ng liwanag na magtatanglaw sa landas at magbibigay ng katiyakan sa balisa, ng lakas-loob sa nawawalan ng pag-asa.  Naaalaala namin ang payong ibinigay ng Guardian sa isang pamayanang Baha'i sa mga salitang waring para sa ating sariling panahon:  "Habang ang estruktura ng kasalukuyang lipunan ay umiiktad at nabibitak dahil sa pagpuwersa at pagbanat ng nagbababalang mga pangyayari at mga kalamidad, habang dumarami ang mga bitak, na nagbibigay-diin sa pagkakahiwa-hiwalay ng bansa mula sa bansa, ng lipi mula sa lipi, ng lahi mula sa

demonstrate a higher standard of concerted effort, of mutual assistance, and of harmonious development in their collective enterprises."  Always emphasizing the spiritual significance of the work of the Faith and the single-minded resolve with which the believers are to discharge their sacred duties, Shoghi Effendi warned too against having any share in political controversies, entanglements, and bickerings.  "Let them rise above all particularism and partisanship," he urged on another occasion, "above the vain disputes, the petty calculations, the transient passions that agitate the face, and engage the attention, of a changing world."  These are the inevitable foam and spray cast up as wave after wave convulses a turbulent and divided society.  Too much is at stake to be occupied with distractions of this kind.  As every follower of Baha'u'llah knows well, humanity's ultimate well-being is dependent upon its differences being transcended and its unity firmly established.  Every contribution Baha'is make to the life of their society is aimed at fostering unity; every community-building endeavour is directed towards the same end.  For those tired of contention, the communities growing under the shadow of the Greatest Name offer a potent example of what unity can achieve.

lahi, at ng paniniwala mula sa paniniwala, ang mga tagapagsagawa ng Plano ay kailangang magpamalas ng higit pang malaking pagkaka-isa sa kanilang espiritwal na mga buhay at pampangasiwaang mga gawain, at magpakita ng higit na mataas na pamantayan ng pagkakaisang pagkilos, ng pagtutulungan sa isa't isa, at ng matiwasay na pag-unlad sa kanilang sama-samang mga gawain."  Habang laging binibigyan-diin ang espiritwal na kahalagahan ng gawain ng Pananampalataya at ang nakatutok na pagtatalaga ng isipan na kailangang gamitin ng mga kaibigan sa pagsasagawa ng kanilang sagradong mga tungkulin, nagbabala rin si Shoghi Effendi laban sa pagkakaroon ng anumang bahagi sa pampulitikang mga kaguluhan, mga sigalot, at mga pagtatalo.  "Tulutang umangat sila nang higit na mataas sa lahat ng pagpapanig sa sariling bayan o partido," ang kaniyang paghimok sa isa pang pagkakataon, "nang higit na mataas kaysa walang kabuluhang mga pagtatalo, ng mababaw na mga pagtutuos, ng panandaliang mga silakbo ng damdaming nagpapagulo sa balat ng lupa, at umaagaw sa pansin, ng isang nagbabagong daigdig."  Ang mga ito ay ang di-maiiwasang mga bula at tilamsik buhat sa sunod-sunod na along yumayanig sa isang magulo at nahahating lipunan.  Masyadong malaki ang nakataya upang magpakaabala sa ganitong uri ng mga panggulo sa isipan.  Tulad nang mahusay na nalalaman ng bawat tagasunod ni Baha'u'llah, ang mabuting kalagayan ng sangkatauhan, sa wakas ay nakasalalay sa paglulutas sa mga pagtatalo nito at sa matibay na pagkakatatag ng pagkakaisa nito.  Ang bawat tulong na ginagawa ng mga Baha'i para sa pamumuhay ng kanilang pamayanan ay naglalayong magpayabong ng pagkakaisa; ang bawat pagsisikap sa pagtatatag ng pamayanan ay nakatuon sa gayunding layunin.  Para sa mga pagod na sa pagtatalo, ang mga pamayanang lumalaki sa ilalim ng lilim ng Pinakadakilang Pangalan ay

naghahain ng isang mabisang halimbawa ng maaaring makamtan ng pagkakaisa.

We render praise to the Lord of Lords at seeing so many of His loved ones, in so many ways, giving their all that the banner of the oneness of humankind may be raised aloft. Most cherished friends: As a highly auspicious year now commences, might not each one of us contemplate what heavenly deeds His grace may aid us to perform?

Nag-aalay kami ng papuri sa Panginoon ng mga Panginoon yamang nakikitang napakarami sa Kaniyang mga minamahal ang nagbibigay ng lahat ng taglay nila upang maitaas ang bandila ng kaisahan ng sangkatauhan. Pinakamamamahal na mga kaibigan: Habang ang napakabuting taón ay nagsisimula ngayon, maaari ba kayang nilay-nilayin ng bawat isa sa atin kung anong makalangit na mga gawa ang ating maisasakatuparan sa tulong ng Kaniyang biyaya?

The Universal House of Justice